

Mga bakuna laban sa COVID-19 – Impormasyon sa kaligtasan at kaligtasan sa trabaho para sa mga tagapag-employo at maliit na negosyo

Ang pagbabakuna at mga tungkuling WHS

Sa ilalim ng modelong mga batas ng Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho, dapat mong tiyakin ang kaligtasan ng iyong mga manggagawa, ng iyong sarili, at ng sinumang iba pa sa lugar ng trabaho hangga't makatwirang magagawa. Maaaring hindi mo maalis nang lubos ang panganib ng pagkalantad ng mga manggagawa sa COVID-19 sa trabaho. Gayunpaman, dapat mong gawin ang lahat ng iyong makatwirang magagawa upang mabawasan ang panganib na ito.

Upang mabawasan ang panganib sa lugar ng trabaho, ikaw ay dapat:

- magsagawa ng pagtasa ng panganib
- pag-isipan ang panghadlang na mga hakbang at kung paano makakatulong ang mga ito na pamahalaan ang mga panganib, kabilang ang pisikal na pagdistansya, mabuting kalinisan at regular na paglillinis – pati ang anumang makukuhang mga bakuna
- kumonsulta sa mga manggagawa at mga kinatawan ng kalusugan at kaligtasan (HSR – health and safety representatives) tungkol sa COVID-19 at panghadlang na mga hakbang, kabilang ang mga bakuna
- alamin kung anong mga hakbang ang makatwirang maipapatupad sa inyong lugar ng trabaho

Kailangan ko bang isali ang sapilitang pagbabakuna bilang isang pangkontrol na hakbang upang matugunan ang aking mga tungkulin sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho?

Malamang na hindi makatwirang magagawa ang pag-uutos na magpabakuna sa ilalim ng mga batas ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho.

Ang pag-uutos mo na magpabakuna ang iyong mga manggagawa ay magdedepende sa mga sitwasyon sa panahon ng pagsasagawa mo ng pagtasa sa panganib. Humingi ng payo kung pinag-iisipan mong iutos na magpabakuna ang iyong mga manggagawa, at pag-isipan ang tungkol sa mga isyu ng mga relasyon sa lugar ng trabaho, diskriminasyon at pagkapribado.

Maaaring may mga [public health orders](#) (mga kautusan ng pampublikong kalusugan) na mag-uutos ng pagbabakuna para sa ilang mga industriya o manggagawa. Magsapanahon sa mga payo ng inyong ahensya ng kalusugan.

Maaari ko bang kailanganin na ang mga kostumer ay magpatunay na sila ay nabakunahan na bago sila pumasok sa aking lugar ng trabaho?

Malamang na hindi ka kinakailangan ng mga batas ng kalusugan at kaligtasan na hilingan ang mga kostumer at bisita para sa patunay ng pagkabakuna. Bago ka magpataw ng ganitong uri ng pag-uutos, humingi ng payo dahil maaaring may mga isyu ng pagkapribado at diskriminasyon.

Maaari bang tumanggi ang aking mga manggagawa na magtrabaho dahil may isang manggagawa na hindi nabakunahan?

Sa ilalim ng mga batas ng WHS, ang isang manggagawa ay maaaring tumigil o tumangging magtrabaho kung mayroon siyang makatwirang pag-aalala ng malubhang panganib sa kalusugan o kaligtasan mula sa isang kagyat o malamang na mangyaring pagkalantad sa panganib.

Sa karamihan ng mga sitwasyon, ang isang manggagawa ay hindi makakaasa sa mga batas ng kalusugan at kaligtasan upang tumigil sa pagtatrabaho dahil lang sa isang manggagawa na hindi nabakunahan.

Ako ba ang mananagot sa ilalim ng mga batas ng kalusugan at kaligtasan kung hindi ko gagawing magpabakuna ang aking mga manggagawa at ang isa sa kanila ay nagkasakit ng COVID-19?

Malamang na hindi ka lalabag sa modelong mga batas ng kalusugan at kaligtasan dahil lang hindi ka nag-utos na magpabakuna ang mga manggagawa.

Dapat mong ipagpatuloy ang pagpapatupad ng lahat ng makatwirang magagawang pangkontrol na mga hakbang sa inyong lugar ng trabaho, gaya ng pisikal na pagdistansya, tamang kalinisan, at regular na paglilinis at pagmentena, kahit na nabakunahan na ang mga manggagawa.

Karagdagang impormasyon

- [Health and vaccines information – Department of Health \(Impormasyon sa kalusugan at mga bakuna – Kagawaran ng Kalusugan\)](#)
- [Work health and safety - Safe Work Australia \(Kalusugan at kaligtasan sa trabaho – Safe Work Australia\)](#)
- [Workplace rights – Fair Work Ombudsman \(Mga karapatan sa lugar ng trabaho – Fair Work Ombudsman\)](#)